# Ang pagdarasal sa gabi at araw ay dalawa dalawa

Ayon kay Ibnu 'Umar-malugod si Allah sa kanilang dalawa-buhat sa Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-((Ang pagdarasal sa gabi at araw ay dalawa dalawa))
[Tumpak] [Isinalaysay ito ni Imām Ibnu Mājah - Isinaysay ito ni At-Tirmidhīy - Isinaysay ito ni Imām An-Nasā'īy - Isinaysay ito ni Imām Abū Dāwud - Isinaysay ito ni Imām Aḥmad]

Ang kahulugan ng Hadith: "Ang pagdarasal sa gabi at araw ay dalawa dalawa" Sa Hadith na ito: Ang pinagmulan nito sa Sahēhayn:Sa pananalitang:( Ang pagdarasal sa gabi ay dalawa dalawa) Dinagdagan ng ilan sa nagsasalaysay ng ( at araw) ito ay pagdagdag na mahina,At ang kahulugan : Na sinumang magnais na magdasal ng Kusang-loob sa gabi at araw,ay magsasagawa ng salām sa bawat dalawang tindig; tulad ng Pagka-salaysay rito na hayag sa Sahēh Muslim ayon kay Ibn 'Umar-malugod si Allah sa kanilang dalawa-Nang siya ay tanungin:"Kung ano ang dasal na dalawa dalawa?"Nagsabi siya;Ang magsagawa ka ng Salām sa bawat dalawang tindig" At ito ang sinabi ng karamihan sa mga may kaalaman sa dasal ng gabi,Ibig sabihin ay; Hindi ipinapahintulot ang pagdarasal ng Kusang-loob na mahigit sa dalawang tindig, sa dasal ng gabi.maliban kung sa dasal ng Witr,dito ay may karagdagan,ayon sa nakasaad sa Sunnah.At ang pagdarasal sa araw,walang problema ang pagdagdag rito ng higit sa dalawang tindig,ngunit ang mas-mainam at dalawa dalawa.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee